# Pagbibigay ng kapangyarihan sa mga komunidad upang mapalakas ang akses sa katarungan

Enero 30, 2024

Ang isang bagong minsanang gawad ay susuporta sa mga inisyatiba na nakabatay sa pamayanan upang madagdagan ang akses sa katarungan para sa mga taga-Alberta.

Ang paglutas sa legal na mga usapin sa labas ng tradisyunal na sistema ng hukuman ay maaaring maging hindi gaanong maigting sa mga nasasangkot na partido, hindi gaanong magastos at mas mabilis kaysa sa pagpunta sa hukuman, at ang dumaraming bilang ng mga taga-Alberta ay nagpakita ng kagustuhan sa paglutas ng mga isyu sa loob ng kanilang mgapamayanan kaysa sa mga hukuman.

Upang mabigyan ang mga taga-Alberta ng higit na mapagpipilian sa paglutas ng kriminal, pampamilya at panglipunang katarungan sa labas ng hukuman, ang pamahalaan ng Alberta ay namumuhunan ng $1.2 milyon sa isang bagong minsanang gawad upang suportahan ang mga makabago at nakabatay sa pamayanan na mga inisyatiba na nagbibigay ng mga mapagpipilian sa pormal na sistema ng hukuman. Ang Alberta Community Justice Grant ay tutulong upang higit na mapabilis ang pag-akses sa katarungan sa loob ng isang kapaligiran ng pamayanan na angkop, sensitibo sa kultura, may kabatiran sa trauma at pinasadya sa tinutukoy na mga pangangailangan ng mga mahihinang taga-Alberta.

"Ang mga pangpamayanan na programa ng katarungan ay isang napatunayan at makabagong alternatibo sa pormal na sistema ng husgado. Ang gawad na ito ay makakatulong sa mga samahang pangpamayanan na galugarin at lumikha ng makabagong pagpoprograma upang magbigay ng higit pang mga pagpipilian para sa mga taga-Alberta na gumagamit ng sistema ng katarungan at makakatulong na mabawasan ang presyon sa mga hukuman."
*Mickey Amery, Ministro ng Katarungan at Pangkalahatang Abogado*

Sinisikap ng pangpamayanan na katarungan na hikayatin ang mga kasapi ng pamayanan sa paggawa ng desisyon at himukin ang mga ito na lutasin ang ugat na mga sanhi ng alitan sa pamamagitan ng pagkakasundo, pakikipagpayapaan at iba pang mga prosesong nakabatay sa pamayanan na makatutulong sa paglutas sa di-pagkakaunawaan sa labas ng hukuman. Nilalayon din nito na bumuo ng mas ligtas at mas malakas na mga pamayanan sa pamamagitan ng pakikilahok sa pamayanan, mga programang pang-iwas at mga alternatibong diskarte sa katarungan.

Ang mga karapat-dapat nasamahang nakabatay sa pamayanan at mga grupong interesado ay maaaring mag-aplay para sa isang isang beses na gawad sa pagitan ng $5,000 hanggang $25,000

upang suportahan ang kasalukuyang mga programa ng katarungan sa pamayanan o lumikha ng mga makabagong alternatibo sa pormal na sistema ng hukuman. Ang mga aplikasyon ay tatanggapin mula Enero 31 hanggang Pebrero 29.

"Sa loob ng 25 taon, natulungan ng Calgary Youth Justice Society ang mahigit 15,000 mga kabataan na mapagtagumpayan ang mahihirap na kalagayan sa buhay at kung minsan ang di-mabuting mga pagpili na maaaring makahadlang sa kanila na maabot ang kanilang lubos na potensiyal. Ang isang puhunang katulad nito na nagbibigay ng pagkakataon na ilayo ang mga tao sa sistema ng katarungan at patungo sa epektibong solusyon sa pamayanan ay isang panalo para sa lahat ng mga taga-Alberta."
*Denise Blair, ehekutibong direktor, Calgary Youth Justice Society*

"Mula noong 2021, ang Horn of Africa Educational and Economic Development Society ay nakatuon sa paghahatid ng mga serbisyong naaangkop sa kultura sa pamayanan nito.  Ang bagong gawad na ito ay magsisilbing mahalagang mga mapagkukunan para sa mga samahang pangpamayanan na gaya ng sa amin upang tulungan ang mga taga-Alberta sa paglutas ng legal na mga bagay sa labas ng mga pangkriminal na hukuman sa isang kapaligirang sumusuporta sa kultura."
*Joseph Ali, tagapangulo ng lupon, Horn of Africa Educational and Economic Development Society*

"Ang programa ng Alberta Community Justice Grant ay sumisimbolo sa isang pangako na suportahan ang mga pamilya upang maranasan ang katarungan, bumuo ng katatagan at pabutihin ang mga kinalabasan. Ang mga pamayanan na nagtatrabaho sa inisyatiba ng Reforming the Family Justice System ng Alberta ay nagsisiyasat ng mga pagbabago sa pagbabagong-anyo ng lahat ng sektor upang mabawasan ang pag-asa sa mga salungat na legal na proseso habang nagbibigay ng kapangyarihan sa pag-akes sa mga suporta at kasanayan na kinakailangan para sa kanilang mga isyung panlipunan, pangrelasyon, pagiging magulang, pampinansiyal at pangkalusugan. Sa naisip na muling sistemang ito, ang mga pamilya ay magtatagumpay."
*Diana Lowe, konsultant sa sistema ng katarungan, Re-imagining Justice*

Ang isang-beses na gawad ay susuporta sa mga inisyatibo ng pamayanan kasama na ang mga pagsusuri ng mga pangangailangan, mga mapagkukunan para sa pagsasanay, teknolohikal na suporta at mga pagsisikap sa pananaliksik upang dagdagan ang aksesibilidad sa mga programa.

**Mabilis na mga katotohanan**

- Ang mga aplikasyon ay dapat na nakabatay sa Alberta at magmula sa isa sa mga sumusunod:
    - mga nakarehistrong hindi-pangkalakal na samahan at/o nakarehistrong mga kawanggawa na nasa mabuting katayuan
    - isang First Nation, Bansa ng Métis ng Alberta o mga Metis Settlement
    - mga munisipalidad
    - mga grupo ng pamayanan na may isang itinalagang ahente ng pananalapi

- Mga indibiduwal, mga pang-akademikong institusyon, mga samahang pangkapakinabangan, mga korporasyon ng Korona, mga serbisyo ng pulisya at mga institusyon na tinutustusan ng pondo ngpubliko ay hindi karapat-dapat.

**Kaugnay na impormasyon**

- Alberta Community Justice Grant
- Mga Alituntunin ng Alberta Community Justice Grant

**Multimidya**

- Panoorin ang kumperensya ng balita

**Mga katanungan sa midya**

Chinenye Anokwuru
Chinenye.Anokwuru@gov.ab.ca
(780) 720 -1915
Nakatataas na Kalihim ng Press, Katarungan